

# Varayti at Varyasyon ng Wikang B'laan sa Bacong, Tulunan, Hilagang Cotabato at Lampitak, Tampakan, Timog Cotabato, Philippines

Asia Pacific Journal of  
Multidisciplinary Research  
Vol. 4 No.3, 128 - 136  
August 2016  
P-ISSN 2350-7756  
E-ISSN 2350-8442  
www.apjmr.com

**Radji A. Macatabon, Maria Luz D. Calibayan, (Ed D)**

University of Southern Mindanao, Kabacan, Cotabato, Philippines  
radjimacatabon@yahoo.com, luzcalibayan29@gmail.com

*Date Received: May 20, 2016; Date Revised: June 25, 2016*

**Abstract** - *The study was conducted to determine the variety and variation of B'laan language in two municipalities. Specifically the study aimed to find out the following: What are the variety of B'laan language? Are there lexical and morphological variations existing in B'laan language by B'laan tribe in Bacong, Tulunan North Cotabato and Lampitak, Tampakan South Cotabato? And What factor influences such linguistic variety and variation of B'laan language?*

*The scope of this study was confined to B'laan tribe living in barangay Bacong, Tulunan North Cotabato and barangay Lampitak, Tampakan South Cotabato. Descriptive method of research using structural and sociolinguistical analysis was utilized to describe and determine the linguistic variety and variation of B'laan language.*

*Findings revealed that B'laan language has two language variety the To Lagad and To Baba. Results further show that linguistic variation on lexical and morphological features of B'laan language in this study is influenced by geographical dimension or the distance of the place where the B'laan people live. B'laan language is unique for its linguistic variety. Research proved that B'laan language is not homogeneous because it has lexical and morphological variation.*

**Keywords:** *B'laan language, Variety, Variation*

**Abstrak** - *Nilayon ng pag-aaral na ito na alamin ang varayti at varyasyon ng wikang B'laan sa dalawang munisipalidad. Sinikap na sagutin ang mga sumusunod: (1) Ano ang varayti ng wikang B'laan? (2) May varyasyong leksikal at morpolohikal ba ang wikang B'laan sa Bacong, Tulunan, Hilagang Cotabato at Lampitak, Tampakan, Timog Cotabato? (3) Ano ang sanhi ng pagkakaroon ng varayti at varyasyon ng wikang B'laan? Saklaw ng pag-aaral na ito ang mga B'laan na nakatira lamang sa barangay Bacong, Tulunan, Hilagang Cotabato at Lampitak, Tampakan, Timog Cotabato. Pamaraang deskriptibo o palarawan na nilapatan ng pagsusuring istruktural at sosyolingwistikal ang ginamit sa pag-aaral.*

*Natuklasan na (1) Ang wikang B'laan ay may dalawang varayti ang To Lagad at To Baba. (2) Kakikitaan ng varyasyong leksikal at morpolohikal ang wikang B'laan sa dalawang lugar na pinagkunan ng datos. (3) Ang pagkakaroon ng varyasyong leksikal at morpolohikal ng wikang B'laan ay dulot ng dimensyong heograpiko o kalayuan ng lugar na kanilang pinaninirahan.*

*Nabuong konklusyon: Ang wikang B'laan ay may natatanging varayti. Ang pagkakaroon ng varyasyong leksikal at morpolohikal ng wikang B'laan ay patunay lamang na ang wika ay hindi homogeneous.*

**Mga Susing Salita:** *Wikang B'laan, Varayti, Varyasyon*

## INTRODUKSYON

Wika ang masasabing isa sa pinakamahalagang imbento ng tao. Ito ang instrumentong ginagamit niya upang maiparating sa kanyang kapwa ang kanyang niloloob, naiisip, damdamin at mga adhikain. Wika ang kanyang tulay sa pakikipagtalastasan sa kapwa upang makapamuhay nang maayos sa lipunang kanyang kinabibilangan.

Sa malawakang paglaganap ng wikang Filipino sa iba't ibang bahagi ng bansa umusbong ang varayti nito. Bunsod ito ng varyasyon sa loob ng wikang ito na maaaring leksikal o bokabularyo, ponolohikal o sa tunog o paraan ng pagbigkas, at gramatikal o lahat ng mga ito. Ang varyasyon sa wika ay hindi maiiwasan dahil may "interference" na nagaganap kung saan ang katangian ng unang wika ng mga kalahok sa usapang gamit ang wikang Filipino ay pumasok. Naiimpluwensyahan ng unang wika ang pangalawang wika sa bokabularyo o leksikon, sa paraan ng pagbigkas at maging sa grammar man (Santos, 2010).<sup>[1]</sup>

Ang varayti ng wika ay tumutukoy sa iba't ibang uri ng parehong wika na ginagamit ng iba't ibang grupo na may varyasyong panloob sanhi ng lugar na kinaroroonan ng partikular na grupo ng mga tagapagsalita o grupong kinabibilangan (Santos, et al 2009).<sup>[2]</sup>

May kaugnayan din dito ang sinabi ni Wardaugh (1992)<sup>[3]</sup> na ayon sa kanya:

*Variety is a specific set of linguistic items or human speech patterns (presumably sounds, words, grammatical features) which can uniquely associated with some external factor (presumably a geographical area or a social group). The language variety exists because of the use of single language which is different within a single community.*

Ang isang wika ay nagkakaroon ng pagkakaiba-iba dala ng dalawang mahahalagang salik- ang heograpiikal at sosyal. Sa kondisyong heograpiikal, ang tagapagsalita ay nagkaroon ng pagkakaiba sa tono, bokabularyo o grammar ng wika. Ang pagbabagong ito ay batay rin sa lugar o lokasyon ng tagagamit ng wika. Ang kondisyong sosyal naman ay ang pagkakaiba-iba ng wika dahil sa iba't ibang interes, gawain, propesyon, pamumuhay at iba pa.

Nagkaroon ng linggwistikong baryasyon ang wika sa isang speech community dulot ng katayuang sosyal, lahi, trabaho, kasarian at iba pa. Speech community ang tawag sa grupo ng tao na gumagamit ng parehong uri ng wika, nagbabahaginan ng

espesipikong tuntunin sa pagsasalita at nagbibigay interpretasyon gamit ang isang wika. Masasabi ring speech community ang grupo ng mga taong naninirahan sa parehong lipunan na may kani-kanilang sub-grupo na may wikang ginagamit ngunit gumagamit ng wikang komon kung bahagi nan g malaking grupong kinabibilangan. Ekspresyon ito ng kultura dahil ang wika ay panlipunan (Fromkin at Rodman, 1983).<sup>[4]</sup>

Ang pag-aaral sa iba't ibang etnolinggwistikang wika na umiiral sa Pilipinas ay malaking ambag para mapalawak ang ating kaalaman sa bokabularyo sa wikang B'laan at magkaroon ng kamalayan sa pinagmulan, kultura at tradisyon ng nasabing tribu.

Naniniwala ang mga mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay makatutulong para lalong mapalawak ang ating kaalaman sa varayti at varyasyon ng mga wikang umiiral sa ating bansa partikular ang wikang B'laan.

## PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito na alamin ang varayti at varyasyon ng wikang B'laan sa Bacong, Tulunan, Hilagang Cotabato at Lampitak, Tampakan, Timog Cotabato. Sinagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang varayti ng wikang B'laan?
2. May varyasyong leksikal at morpolohikal ba ang wikang B'laan sa Bacong, Tulunan, Hilagang Cotabato at Lampitak, Tampakan, Timog Cotabato?
3. Ano ang sanhi ng pagkakaroon ng varayti at varyasyon ng wikang B'laan?

## ANG TRIBUNG B'LAAN

Ang salitang B'laan ay mula sa "bila" na ang ibig sabihin ay "bahay" at ang hulaping "an" na tao kaya ang salita na ito ay may kahulugang "taong naninirahan sa bahay" ang ibang grupo ginagamit nila na panawag sa kanila na B'laan, Bira-an, Baraan, Vilanes, at Bilanes. Ang mga B'laan ay kalimitang naninirahan sa mga bulubundukin ng Cotabato, Davao del Sur, Saranggani, at Sultan Kudarat. Sila ay isa sa mga "minority ethnic groups" na kasalukuyang pangatlo sa malalaking kultural minority na naninirahan sa kapuluan ng Mindanao.

Sa kasalukuyan ang mga B'laan na naninirahan sa Mindanao ay may bilang na humigit kumulang sa 450,000. Nahahati ito sa iba't ibang bayan na sakop ng Mindanao, gaya ng Tampakan sa lalawigan ng

Timog Cotabato na may 15% ang tinatayang bilang sa kabuuan ang naninirahan dito, o humigit kumulang sa 3,800 na mga indibidwal. Sa Tuluhan Hilagang Cotabato na may 10% ang tinatayang bilang sa kabuuan ang naninirahan dito, o humigit kumulang sa 2,500 na indibidwal.

Pagsasaka ang pangunahing ikinabubuhay ng mga B'laan. Sila ay nagtatanim ng palay, mais, kamote, at saging na siyang ikinabubuhay ng pangkat, nag-aalaga rin sila ng mga manok, baboy, kambing, baka at kalabaw. Payak lamang ang kanilang pamumuhay, wala silang ibang kagamitan maliban sa kagamitang pangangaso at pagtatanim. Maingat ang mga B'laan sa pagpapanatili ng kanilang tradisyon at kultura, mga paniniwalang etniko na iba sa paniniwala ng ibang tribu. Pinananatili nila ang kanilang mga tradisyon sa pagsamba, pagpapakasal, panliligaw at maging sa paglilibing ng namatay nilang katribu.

Ang mga B'laan ay nahahati sa dalawang subgroups ang "**To Lagad**" o highlanders na naninirahan sa kabundukan ng Davao del Sur, South Cotabato, North Cotabato at Sultan Kudarat at ang "**To Baba**" o lowlanders na naninirahan naman sa mga dalampasigan ng Saranggani, General Santos City at sa ibang bahagi ng Davao del Sur. Karamihan sa kanila ay mga To Lagad. Ang kanilang wikang ginagamit ay B'laan. Kilala sila sa pagiging malinis, mabait at mayaman kung ihambing sa ibang pangkat etniko sa Mindanao.

#### WIKANG SA TRIBUNG B'LAAN

Maraming varayti ng wikang ginagamit sa iba't ibang bahagi ng daigdig, kasama na ang Pilipinas. May mga dahilan sa pag-iral ng ganitong mga varayti at pagkakaroon ng varyasyon sa mga varayting ito. Ang ganitong penomenon ay naipaliliwanag ng mga teoryang sumasakop hindi lamang sa linggwistik na aspekto ng wika kundi maging sa sosyolinggwistik at sikolinggwistik. Amga teoryang ito ang nagbibigay-linaw sa paglitaw ng mga varayti ng wika na may kasamang ilang aplikasyon sa konteksto ng Pilipinas.

Hindi pa man nabuo ang balarila ng wikang Filipino ang mga B'laan ay may sarili ng wika na ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan sa kapwa katribu. Alinmang wika ay may kanyakanyang makabuluhang tunog. Makabulihan ang isang tunog kapag ang mga ito ay nakapagbabago sa kahulugan ng isang salita. Ang wikang B'laan ay mayroon ding alpabeto o palatunugan. Ito ay binubuo

ng mga patinig na a, e, i, o, u at mga katinig na b, d, f, g, h, k, l, m, n, s, t wala silang c, p, x, w at z.

#### BATAYANG TEORETIKAL

Nakabatay ang pag-aaral na ito sa teoryang **variationist** ni Lavov et al (1968),<sup>[5]</sup> na ang wika ay lagi nang may pagbabago. Ang iba't ibang paraan ng pagsasabi ng isang bagay ay maaaring makita sa lebel ng grammar, sa varayti ng wika, sa iba't ibang istilo, dayalekto at rejister ng wika na gamit ng bawat indibidwal na tagapagsalita sa iba't ibang lugar at panahon.


Sabin ni Lavov, ang mga tagapagsalita ay gumagamit ng iba't ibang porma upang masabi ang isang kahulugan. Amg pagbabago sa wika ay bunga ng impluwensya ng sosyal at kultural na factor-maaaring resulta ng kontak at panghihiram, o bunga ng imahinasyon ng isip ng tao para sa mga teoristang ito ay may kasaysayan din ang pagkakalikha ng mga salitang bumubuo sa isang wika. Ang pangunahing kaalaman na ang mga tao ay gumagamit ng iba't ibang wika, at ng iba't ibang varayti ng wikang iyon at ang paggamit ng wikang iyon ay nagbibigay ng iba't ibang kahulugan.

Isa pang teorya na pinagbatayan ng pag-aaral na ito ay ang **speech accommodation theory** ni Howard Giles na nagpapaliwanag sa motibasyon at kinalabasan ng mga pangyayari kung bakit ang ispiker ay nagbabago ng istilo o paraan sa pakikipagkomunikasyon. Ayon nga kina Giles at Clair (1979),<sup>[6]</sup> ang wika ay hindi iisang uri o istatikong sistema. Ito ay may multi-tsanel, multi-varyabol, at kayang magkaroon ng malawak na modipikasyon ayon sa iba't ibang kontekstong pinaggagamitan ng ispiker, kahit na maaaring mapansin ng nakikinig ang ilang maliliit na pagbabago sa pagsasalita ng ispiker na magbibigay ng ideya sa kalagayang sosyal ng nagsasalita. Ang ganitong kalagayan ay nagbibigay ng importansya sa teoryang akomodasyon.

Nahahati sa dalawa ang **speech accommodation theory**- ang konverjens at dayverjens. Sa teorya ng **konverjens** ang indibidwal ay nagpupursige na iakomodeyt o i-adjust ang sarili sa pakikitungo sa kapwa sa iba't ibang aspektong sosyal, edad, kasarian, estado sa buhay, hanapbuhay, pananampalataya, lugar, edukasyon, at iba pa: at maging sa aspektong heyograpikal upang magkalapit o mapaliit ang agwat na nakapagitan sa kanya at nakakasalamuha. Samantala sa teoryang **dayverjens** naman kadalasan na ang isang indibidwal na nabibilang sa

prestihyosong grupo ay nagpapakita sa iba ng superyoridad. Kusa nitong inilalayo ang sarili sa nakakababa sa paningin niya dahil sa pagnanais na ihaylayt ang identidad. Ngunit hindi sa lahat ng pagkakataon ay ganito ang layunin ng indibidwal. Kung minsan sinasadya niyang mapaiba sa iba hindi upang maliitin ang iba kundi dahil nais nitong ipagmalaki ang sarili at grupong kinabibilangan bilang pagtutol pagdedeskrimina ng iba. Nais niyang ipakita na wala siyang dapat ikahiya bilang indibidwal na nabibilang sa maliit na grupo o sa di-prestihyosong grupo. Karaniwang ipinakikita ito sa paggamit ng wika o punto/aksent ng wika.

Ang mga nabanggit na teorya ang naging sandigan ng mga mananaliksik sa isinagawang pag-aaral tungkol sa varayti at varyasyon ng wikang B'laan.



**Figur 1. Iskima ng Paradaym ng Pag-aaral**

Makikita sa itaas na kahon ang wikang B'laan. Sa mga kahon sa ibaba makikita ang varayti ng wikang B'laan. Sa bandang kaliwa ang B'laan Bacong, Tulunan Hilagang Cotabato at sa kanang bahagi naman ang B'laan, Lampitak, Timog Cotabato.

**METODOLOHIYA**

Sa isinagawang pag-aaral, ginamit ang deskriptib-analitik o palarawang pamamaraan na nilapatan ng pagsusuring istruktural at sosyolinggwistikal na disenyo. Ang pagsusuring istruktural ay nakapokus kung paano nagkaroon ng varayti at varyasyon ang wikang B'laan samantalang ang pagsusuring sosyolinggwistikal naman ay kung paano nagkaroon ng pagbabago ang wikang B'laan sa dalawang lugar. Sinuri ang mga salita sa wikang B'laan sa pamamagitan ng palarawan o deskriptibong pagsusuri.


Sa paglikom ng mga datos may inihandang mga tanong tungkol sa wika, kultura at paniniwala ng tribu ang mga mananaliksik. Ginamit ang mga katanungan bilang batayan para makalikom ng mga salitang B'laan. Gumamit din ng “tape recorder” para irekord ang mga sagot ng mga impormante sa bawat

katanungan. Ang mga nalikom na mga salita ay nirekord at pinakinggan ng ilang beses bago isinulat ng “transcriber” na B'laan at isinalin sa nasabing wika. Para matiyak ang tamang kahulugan ng mga salita pinasuri ito sa tulong ng “validator” na isa ring katutubong B'laan na propesyonal.

Ang mga batayang itinakda sa pagpili ng mga impormante ay ang mga sumusunod: (1) isang katutubong B'laan ; (2) ipinanganak, lumaki at nakatira sa pook ng pag-aaral; (3) may edad na limampu pataas; (4) may sapat na kaalaman sa wikang B'laan. Sa pagpili ng mga impormante ginamit ang convenience at purposive sampling para maisagawa nang maayos at mabisa ang pananaliksik

Ang mga impormanteng B'laan na nakatira sa barangay Bacong, Tulunan, Hilagang Cotabato at Lampitak, Tampakan, Timog Cotabato ang kinunan ng mga datos.

**Bacong, Tulunan, Hilagang Cotabato**



Pinagkunan: Municipal Planning and Development Office  
Municipality of Tulunan  
Province of North Cotabato

Ang barangay Bacong ay matatagpuan sa bulubunduking bahagi ng bayan ng Tulunan na sakop ng hilagang Cotabato na kinapapalooban ng labing isang (11) sitio. Ito ay nasa hilagang bahagi ng barangay Batang at Paraiso, Tulunan Hilagang Cotabato, nasa timog na bahagi naman ng barangay Sucob, Columbio, Sultan, Kudarat, silangan nito ay ang barangay Maibo, Magsaysay, Davao del Sur at sa kanluran namang bahagi ay ang mga barangay ng Lampagang, Tuburan, Banayal at Bituan na parehong sakop pa rin ng Tulunan, Hilagang Cotabato.

Ang salitang “Bacong” ay nagmula sa salitang B'laan na tumutukoy sa isang uod na kulay kahel na may pakapak. Ang kwento ay mula sa pangyayari

libong taon na ang nakalilipas na ang komunidad ay nakaranas dati ng matinding tagtuyot na siyang dahilan ng mahabang gutom at sakit na naging sanhi ng pagkamatay ng maraming mamamayan sa lugar. Ang mga namatay na mamamayan ng lugar ay inilagay sa gilid ng ilog, makalipas ang ilang buwan may nakitang mga uod na lumilipad na kulay kahel na mula sa mga taong namatay na inilagay sa gilid ng ilog. Tinawag itong “Bacong” ng mga B’laan at dito nagmula ang pangalan ng lugar.

Sa 2010 na talaan ng populasyon ng Pilipinas ang barangay Bacong ay may kabuuang bilang ng mamamayan na umabot sa 2,501. Pagsasaka ang pangunahing ikinabubuhay ng mga mamamayan na naninirahan sa lugar. Pangunahing tanim nila ay rubber, mais, niyog, tabako at mga gulay. Marating ang lugar sa pamamagitan ng sasakyan na tinatawag na “skylab”. Ito ay sasakyang motorsiklo na lima (5) o higit pang tao ang pwedeng sumakay. Aabot sa dalawang daan (200) hanggang limang daan (500) piso ang pamasaha.

Sa kasalukuyan ang barangay Bacong ay isa sa mga iniingatang barangay sa bayan ng Tulunan, Hilagang Cotabato na pinaninirahan ng pangkat etnikong B’laan dahil sa angkin nitong yaman sa kultura at tradisyon na pinanatili ng lugar magpahanggang ngayon.


### Lampitak, Tampakan, Timog Cotabato

Ang Lampitak ay dating pinakamalaki at maunlad na sitio ng barangay Lambayog, Tampakan, Timog Cotabato. Ito ay matatagpuan sa kanlurang bahagi ng bayan ng Tampakan na may layong labing isang (11) kilometro mula sa sentro ng bayan.

Lampitak ay hango sa salitang B’laan na “lam” na ang ibig sabihin ay isang lugar na masagana at “fitak” na ang ibig sabihin ay putikan. Ayon sa kanilang kasaysayan ang Lampitak dati ay isang maputik na lugar. Dahil sa pagtutulungan ng mga mamamayan sa nasabing lugar, naging progresibo ito at naging ganap na barangay noong Hulyo 2, 1987 sa pamamagitan ng Ordinansang Panlalawigan bilang 23. Ito ay binubuo ng pitong mga sitio; ang Nabol, Lambato, Melina, Tapicong, Esting, Bampoy, Datalta at dalawang purok na Sunflower at Riverside.

Ang lugar ay mayaman sa likas nitong lupain na tinataniman ng mga mais, saging, palay, kamote at mga gulay. Ito ang pangunahing ikinabubuhay ng mga katutubong B’laan na naninirahan sa lugar. Hindi

MAPA NG TAMPAKAN, TIMOG COTABATO



Pinagkunan: *Municipal Planning and Development Office  
Municipality of Tampakan  
Province of South Cotabato*

maikakaila na malaki ang naiambag ng barangay na ito sa kabuuang pag-unlad ng bayan ng Tampakan.

Ayon sa kasaysayan, ang Tampakan ay magubat at bulubunduking bayan na matatagpuan sa pusod ng Timog Cotabato. Ito ay may layong 24 na kilometro mula sa kabisera ng lalawigan ang lunsod ng Koronadal. Ang salitang Tampakan ay nagmula sa wikang B’laan na “Tamfaken” na ang ibig sabihin ay “spring” o bukal. Ang bayan kasi ay mayaman sa bukal na matatagpuan kahit saang sulok ng bayan. Ito ang nagsisilbing pagkukunan ng tubig na mainom ng mga katutubong B’laan sa loob ng mahabang panahon. Sagana rin sa yamang- gubat ang bayan tulad ng mga punongkahoy na Lawaan, Narra, Apitong at marami pang ibang matitigas na kahoy. May mga bahaging kapatagan din na tinataniman ng palay, mais, saging at mga gulay na pangunahing kabuhayan ng mga taga roon.

Batay sa mga salitang nalikom na makikita sa talahanayan 1 lumabas sa pagsusuring ginawa na may mga leksikal aytem sa wikang B’laan ng Tampakan at Tulunan na magkaibang-magkaiba ang anyo at baybay at may mga salita ring parehong ginagamit ng mga B’laan sa dalawang lugar na pinagkunan ng datos.

Malinaw ang sinabi ni Constantino (2002) [7] na ang wika ay nagkakaroon ng pagkakaiba dala ng dalawang mahalagang salik ang heyograpikal at sosyal. Nangangahulugan ito na dahil sa magkaibang lugar ang kinaroroonan ng dalawang grupo, isa ito sa naging sanhi kung bakit may mga salita na magkaiba ang kanilang katawagang ginagamit. Kung titingnan sa mapa mapapansing malayo ang agwat ng dalawang lugar na saklaw ng pag-aaral. Ito ay pinagigitnaan ng mga matataas na kabundukan, malalapad na kapatagan at kaparangan.

**Talahanayan 2. Varyasyong Morpolohikal ng Wikang B'laan**

| <b>Paraan ng Pagkakabuo ng Salita</b> | <b>B'laan Lampitak, Tampakan</b>              | <b>B'laan Bacong, Tulunan</b>                |
|---------------------------------------|---|--|
| <b>Pagtatambal</b>                    |   | Magol Falimak<br>(Agong)                     |
|                                       | Saol Ansef<br>(damit pang-itaas ng lalaki)    | Saol Ansef<br>(damit pang-itaas ng lalaki)   |
|                                       | Sdoh Bnes<br>(baboy ramo)                     | Sdeh Bnas<br>(baboy ramo)                    |
|                                       | Salwal Ansef<br>(damit pang-ibaba ng lalaki)  | Salwal Ansef<br>(damit pang-ibaba ng lalaki) |
|                                       | Komut Gintloh<br>(damit pang-itaas ng babae)  |  |
|                                       | Kasila Kayeh<br>(kamoteng kahoy)              |  |
|                                       | Bong Fulong<br>(pinuno ng pangkat)            | Bong Tow<br>(pinuno ng pangkat)              |
|                                       | Aswoh Lebon<br>(pamamanhikan)                 |  |
|                                       |   | Tego Kayeh<br>(magkagusto)                   |
| <b>Pagkakaltas ng Ponema</b>          | Dwata<br>(Diyos)                              | Adwata<br>(Diyos)                            |
|                                       | Tagah<br>(pagluluto)                          | Kaftagah<br>(pagluluto)                      |
|                                       | Falimak<br>(Agong)                            | Magol Falimak<br>(Agong)                     |
|                                       | Amdah<br>(namin)                              | Amda<br>(namin)                              |
| <b>Pagpapalit ng Ponema</b>           | Lebon<br>(babae)                              | Libon<br>(babae)                             |
|                                       | Salwal Anseng<br>(damit pang-ibaba ng lalaki) | Salwal Ansef<br>(damit pang-ibaba ng lalaki) |
|                                       | Sdoh Bnes<br>(baboy ramo)                     | Sdeh Bnas<br>(baboy ramo)                    |

Kakikitaan ng pagtatambal ng salita ang wikang B'laan sapagkat kapansin-pansin ang salitang Magol Falimak na panumbas ng B'laan Tulunan sa salitang agong. Saol Ansef na parehong pinagtambal na salita naman ang panumbas ng B'laan Tulunan at Tampakan sa damit pang -itaas ng lalaki. Gayundin sa Sdoh

Bnes at Salwal Ansef na panumbas ng dalawang lugar sa baboy ramo at damit pang-ibaba ng lalaki. Komut Gintloh naman ang panumbas ng B'laan Tampakan sa damit pang -itaas ng babae. Kasila Kayeh ang panumbas ng B'laan Tampakan sa kamoteng kahoy samantalang pinagtambal na salitang Bong Fulong

ang panumbas ng B'laan Tampakan sa pinuno ng pangkat, Bong Tow naman ito sa B'laan Tulunan. Aswoh Lebon ang katumbas ng salitang pamamanhikan sa B'laan Tampakan samantalang ang salitang magkagusto ay tinumbasan ng B'laan Tulunan ng Tego Kayeh.

May pagkakaltas din ng ponema sa mga salitang B'laan sa dalawang lugar. Mapapansin sa mga salitang adwata ng B'laan Tulunan na naging dwata sa B'laan Tampakan ang ponemang /a/ sa salitang adwata ay kinaltas. Gayundin sa salitang kaftagah na panumbas ng B'laan Tulunan sa salitang pagluluto kinaltas ang /kaf/ sa salita kaya naging tagah na ito sa B'laan Tampakan. Ang magol falimak naman na panumbas ng B'laan Tulunan sa agong na naging falimak sa B'laan Tampakan, mapapansin ang pagkaltas ng salitang magol ng B'laan Tampakan. Kapansin-pansin din ang pagkaltas ng ponemang /h/ sa salitang amdah ng B'laan Tampakan na katumbas ng salitang namin na naging amda sa B'laan Tulunan.

Sa mga salitang nalikom mula sa dalawang lugar ng pag-aaral mapapansin ang pagpapalit ng ponema o titik sa loob ng salita gaya ng lebon ng B'laan Tampakan bilang panumbas nila sa babae na naging libon sa B'laan Tulunan, ang ponemang /e/ ay napalitan ng /i/. Makikita rin ang pagpapalit ng ponemang /f/ sa /ng/ sa mga salitang salwal anseng ng B'laan Tampakan at salwal ansef ng B'laan Tulunan. Ang salitang panumbas ng B'laan Tampakan sa baboy ramo na sdoh bnes ay naging sdeh bnas naman sa B'laan Tulunan mapapansin ang pagpapalitan ng ponemang /o/ sa /e/ at /a/ sa /e/.

## RESULTA NG PAG-AARAL

1. Ang wikang B'laan ay may dalawang varayti ang To Lagad at To Baba na kung saan ang To Lagad o highlanders ay mga B'laan na nakatira sa mga kabundukan ng Cotabato, Sultan Kudarat at iilang bahagi ng Davao del Sur. Sila ay likas na malumanay kung magsalita samantalang ang To Baba naman o lowlanders na katutubong B'laan ay karaniwang naninirahan sa mga baybayin ng Sarangani, General Santos City at iilang bahagi ng Davao del Sur at sa mga isla ng Sarangani ay makikilala sa maragsa nilang tono sa pagsasalita.

2. May mga leksikal aytem sa wikang B'laan ng Lampitak, Tampakan Timog Cotabato na magkakatulad at magkaibang-magkaiba ang anyo at baybay sa B'laan ng Bacong. Tulunan Hilagang Cotabato. Kakikitaan din ng varyasyong morpolohikal

ang wikang B'laan sa dalawang lugar ng pag-aaral. Kabilang dito ang pagtatambal ng mga salita, pagkakaltas at pagpapalit ng ponema/titik sa loob ng salita. Batay sa resulta ng pag-aaral na ito napatunayan ang sinabi ni Rubico (2009) [8] na ang varyasyon ay makikita sa leksikon at paraan ng pagbubuo o anyo ng mga salita.

3. Ang pagkakaroon ng varayti at varyasyon ng wikang B'laan ay sanhi ng dimensyong heograpikal o kalayuan ng lugar na pinaninirahan ng tribung B'laan.

## KONKLUSYON

Napatunayan sa pag-aaral na tulad ng ibang katutubong wika sa Pilipinas, may natatanging varayti at varyasyon din ang wikang B'laan. Ang pagkakaiba-iba ng mga leksikal na aytem at paraan ng pagkakabuo ng mga salita ng bawat pangkat ng tribung B'laan ay patunay lamang na ang wika ay hindi homogeneous.

Bagamat iba-iba ang mga salitang ginagamit na panumbas sa mga bagay-bagay at paraan ng pagbuo ng mga salita ng tribung B'laan sa dalawang munisipalidad ay naiintindihan pa rin ng bawat tagapagsalita ang kanyang katribu dahil nagsasalita lang sila ng magkaibang dayalek ng isang wika kaya nagkakaintindihan pa rin sila.

Ayon sa sosyolinggwistikong pananaw, dahil sa distansya ng lugar na pinaninirahan ng tribu at ang pagkakaroon ng maraming wikang ginagamit sa kani-kanilang lugar ay naiimpluwensyahan ng ibang wika na sinasalita sa komunidad ang kanilang wika. Sa ganitong sitwasyon mahalaga para sa tribung B'laan ang varyasyon ng gamit ng wika upang magampanan ang papel nito sa paraan ng kanilang interaksyon sa iba't ibang gawain sa pamayanan kung saan sila nakatira.

Ang patuloy na pagpapaunlad ng sariling wika ng tribung B'laan ay isang magandang simula tungo sa pagpapayaman nila ng kanilang natatanging kultura bilang isang pangkat-etnikong naninirahan sa bansa. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito lalong nakikilala ang tribung B'laan sa kanilang natatanging wika at mabigyan ng pagkakataon ang wikang B'laan na makapag-ambag sa pagsulong ng pambansang lingua franca.

## REFERENCES

- [1] Santos, A. L. (2010). *Varayti at Varyasyon ng Wikang Filipino*. Sa mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Wikang Filipino sa Iba Pang mga Wika (pp. 41-49). MSU-IIT, Iligan City.

- [2] Santos, A. L. ,Hufana, N. L.,Magracia, E. B. (2009). Ang Akademikong Filipino sa Komunikasyon Teksbuk sa Filipino I Malabon City: Mutya Publishing House.
- [3] Wardhaugh, R. (1992). Language, Dialects and Varieties. An Introduction to Sociolinguistics 2nd Ed. USA: Blackwell Oxford UK and Cambridge.
- [4] Fromkin, V. & Rodman, R. (1983). An Introduction to Language. New York: Holt, Rinehart and Winston.
- [5] Lavov, W. , Cohen, P., Robins, C. & Lewis, J. (1968). A Study of the Non- Standard English of Negro and Puerto Rican Speakers in New York City. Cooperative Research Report 3288, Vol. I Philadelphia: US Regional Survey.
- [6] Giles, H. Clair, R. (1979). Language and Social Psychology. Oxford Blackwell.
- [7] Constantino, P. C. (2002). Varayti at Varyasyon ng Wika, Historya, Teorya at Praktika, Minanga: Mga Babasahin sa Varayti at Varyaston ng Filipino. Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino.
- [8] Rubico, J. G. U. (2009). Linggwistiks para sa mga Mag-aaral ng Agham Panlipunan. Retrieved September 17, 2009.

#### **COPYRIGHTS**

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMR. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>)